Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-2 NG OKTUBRE 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:10 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ------------------- | PANG. PUNONG BAYAN *Tagapangulo* |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ------------------- | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ------------------- | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ------------------- | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ------------------- | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ------------------- | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ------------------- | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ------------------- | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ------------------- | Kagawad – SK Chairman |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ------------------- | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ------------------- | Kagawad – ABC Chairman |

*KAPASIYAHAN BLG. 235 -T2002*

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA TAGAPAMAHALA, PANLALAWIGANG TANGGAPAN NG SERBISYO-SIBIL NA MABIGYAN NG "ELIGIBILITY" ANG MGA KASAPI NG SANGGUNIANG BARANGAY NA DI NAKAKUHA MATAPOS NA MAKAPANUNGKULAN SA BARANGAY SIMULA NANG TAONG 1989 – 1994.*

*SAPAGKAT,* may mga kasapi ng Sangguniang Barangay na matapos na makapaglingkuran ay di agad nakakuha ng "eligibility sa Tanggapan ng Serbisyo-Sibil;

*SAPAGKAT,* ang karapatang ito ay ipinagkakaloob sa mga kasapi ng Sangguniang Barangay matapos na makapaglingkod sa barangay upang magamit sa paghanap ng mapapasukang trabaho sa alinmang tanggapan ng pamahalaan;

*KUNG KAYAT, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Florencio C. Odejar at Bernardo E. Ison at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na hilingin sa Tagapamahala ng Panlalawigang Tanggapan ng Serbisyo-sibil na mabigyan ng "eligibility" ang mga kasapi ng Sangguniang Barangay na di nakakuha matapos na makapanungkulan sa barangay simula nang taong 1989 - 1994.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Tagapamahala, Panlalawigang Tanggapan ng Serbisyo-sibil at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO :

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan